Para sa mamamayan　～Mensahe mula sa Mayor～

Magandang araw sa inyong lahat.

Napakabilis ng panahon,10 taon na ang nakalipas mula ng ako ay mahirang na Mayor noong Pebrero 2014. Maraming Salamat po sa inyong pang-unawa at kooperasyon.

Ginawang mapabuti ang koleksyon ng buwis para mapaunlad ang pinansiyal na pundasyon para sa (pagpapasigla ng kawaguchi). Sa loob ng 10 taon napataas ng siyudad ang kita sa buwis at nakaipon ng 74.2 Billion Yen na tumulong sa pangkalahatang budget na umabot sa 345.4 Billion yen. Nakatulong ito ng malaki sa pagtugon sa ibat-ibang programa tulad ng tatlong malalaking proyekto, pagpapabuti sa pagpapalaki,pangangalaga ng bata, edukasyon, kapaligiran, palakasin ang ekonomiya, paggawa ng panulakala sa pagsulong sa pagpigil ng kalamidad at pagpapaunlad ng imprastraktura ng lungsod.
Ang pagtugon sa Corona Pandemic 2 taon ang nakalipas.mula ng itatag ang Public Health Centers kasunod ng paglipat sa pangunahing lungsod. Nanguna ang Siyudad sa pagsasagawa ng medical care system at pagsulong sa vaccination sa pamamagitan ng pagsunod sa kakaibang istilo ng "Kawaguchi model".na siyang naging epektibong pagpuksa sa impeksyon.

Kami ay nalulugod na makita ang bunga ng pagsisikap na nagdala sa malawakang pagkilala sa ating siyudad bilang magandang lugar manirahan na nakatanggap ng maraming award.
Ngayong taon, napili ng Cabinet Office ang Siyudad ng Kawaguchi bilang "(Sustainable Development Goal) SDGs Future City" at unang "SDGs Municipal Model" sa Saitama Prefecture. Ito ay pagkilala sa pagsisikap ng siyudad sa ibat ibang sangay tulad ng ekonomiya, lipunan, at sa pangkapaligiran at naniniwala na ito ang magbibigay ng tuluy-tuloy na pag-unlad ng Kawaguchi.

Ngayong humupa na ang Covid Pandemic at nanumbalik na ang ekonimiya, nag uumpisa na muling dumami ang populasyon ng tao sa Tokyo. Para manalo sa paligsahan sa Tokyo Metropolian area, upang mapanatili ang dai ng tao o mas maparami pa, at maging popular ang kawaguchi hindi lamang para sa magandang lugar manirahan, ako ay patuloy at magsisikap na maisagawa ang ibat-ibang Urban Development Programs na magiging daan sa pagkakaroon ng masigla at magandang hinaharap para sa Kawaguchi tulad ng malawakang pagpapaayos ng Lilia, pagpapaunlad ng Museo ng Sining bilang Artiscitc Hub ng lungsod, maisakatuparan ang mid-distance train stop sa Kawaguchi station at,pagpapaganda ng Kamine General Athelic Park.